## $4^{TH}$ PERIODICAL TEST IN EPP-SINING PANG-INDUSTRIYA 5

**PANGALAN:** ________________________________________

Panuto: Basahing mabuti ang bawat tanong. Isulat ang titik ng tamang sagot sa sagutang papel.

1. Lumuwag ang bisagra ng pintuan sa inyong bahay. Ano ang gagawin mo?
A. Gamit ang lagare, puputulin ko ang sirang pintuan at palitan ito ng bago.
B. Gamit ang cutter, iipitin ko ang turnilyo upang humigpit muli.
C. Gamit ang kutsilyo, pupukpukin ko ang luwag na turnilyo.
D. Gamit ang disturnilyador, pipihitin ko ang turnilyo papahigpit.

2. Nais mong putulin ang kahoy sa wasto nitong sukat. Paano mo ito gagawin?
A. Gamit ang disturnilyador, puputulin ko ang kahoy sa takdang sukat
B. Gamit ang martilyo, puputulin ko ang kahoy sa takdang sukat
C. Gamit ang lagare, puputulin ko ang kahoy sa takdang sukat
D. Gamit ang plais, puputulin ko ang kahoy sa takdang sukat

3. Pagkumparahin ang katangian ng disturnilyador na Philip at disturnilyador na standard.
A. Ang philip na disturnilyador ay gamit sa pagpapalubog ng pako at ang standard ay gamit sa pagpapalubog ng turnilyo.
B. Parehong ginagamit sa pagpapalubog ng pako sa ibat ibang bagay ngunit ang philip ay gamit sa pakong pang konkreto at ang standard ay gamit sa pakong pangkahoy.
C. Parehong ginagamit sa pagpapalubog ng turnilyo sa ibat ibang bagay ngunit ang dulo philip disturnilyador ay hugis krus at ang dulo standard na disturnilyador ay flat .
D. Parehong ginagamit sa pagpapalubog ng turnilyo sa ibat ibang bagay ngunit ang dulo philip disturnilyador ay hugis flat at ang dulo standard na disturnilyador pakrus.

4. Kung magkukumpuni ka ng sirang bokilya, ano muna ang una among gagawin?
A.Kalasin ang sirang bokilya
B.Ibaba ang switch ng bokilya
C. Ibaba ang main switch
D. palitan ng bagong bokilya

5. Alin sa sumusunod ang nagpakita ng pagsunod sa panuntunang pangkalusugan at pangkaligtasan sa paggawa?
A. Pinapanatiling ang mga kagamitan sa iyong mesa para madali kang makatapos sa gawain.
B. Inilalagay ang lahat ng kagamitan at kasangkapan sa iisang lalagyan.
C. Ginagamit ang kagamitang wala sa maayos na kundisyon
D. Pinapanatiling malinis ang lugar na panaggawaan.

6. Nais ni Denis na putulin ang bakal na labis sa kanyang pangangailangan. Aling kagamitan ang kanyang kakailanganin?
A. Cross cut saw B. Hack saw C. Coping saw D. Ripsaw

7. Alin sa mga sumusunod na proyekto ang gagawin mo na maaring gamitan ng elekrisidad?
A.Dust pan B. Tool box C. Bamboo Vase D. Bamboo Lantern

8. Ayusin ang pagkakasunod sunod sa pagsasagawa ng extension chord. Piliin ang titik ng tamang sagot:

a. ABCDE c. EDCBA
b. ACBDE d. CBAED

*A. Ikabit sa outlet ang wire sa tulong ng disturnilyador.*
*b.Ikabit sa plug ang wire sa tulong ng disturnilyador.*
*c. Buksan ang outlet sa tulong ng disturnilyador*
*d. Buksan ang plug gamit ang disturnilyador*
*e. Talupin ang dulo ng magkabilang wire.*

9. Pagkatapos mong maisagawa ang sugpong sa wire, nararapat lamang na takluban muli ito. Alin ang angkop na materyales para dito?
A.Duct tape B. Electrical Tape C. Masking Tape D. Magic Tape

10. Alin sa sumusunod ang materyales?
A.Plais B. Bombilya C. Disturnilyador D. Cutter

11. Alin sa sumusunod ang kagamitan?
A. Long nose B. Bombilya C. Turnilyo D. Outlet

12. Napansin mo na may maluwag sa bahagi ng outlet ng extension chord, paano mo ito aayusin?
A. Sa tulong ng plais ay iipitin ko ang outlet para humigpit muli.
B. Sa tulong ng disturnilyador ay pipihitin ko ang turnilyo ng outlet hanggang sa sumikip.
C. Sa tulong ng pandikit o glue, ididikit ko ang maluwag na outlet.
D. Sa tulong ng longnose, pipihitin ko ang maliit na turnilyo upang humigpit.

13. Sa kahit anong proyektong gagawin, ano ang unang dapat ihanda ng isang tulad mong mag – aaral?
A. Mga kasangkapang gagamitin c. Pagbuo ng plano ng proyekto
B. Mga kagamitang gagamitin d. Presyo ng proyektong gagawin

14. Nais mong malaman kung ano-anong mga proyekto ang karaniwang binubuo ng mag-aaral sa inyong paaralan, ano ang mainam mong gawin?
A. Maghanap ng mga lumang proyekto sa paaralan
B. Mag – hintay ng magpapasa ng mga proyekto
C. Magsagawa ng survey sa paaralan
D. Magtanong sa guro sa kantina

15. Ano ang maitutulong sa iyo ng teknolohiya kung magsasagawa ka ng survey?
A. Di makatitiyak na wasto ang resulta ng survey
B. Mahihirapan ang guro sa pagtatala ng resulta.
C. Pababagalin nito ang proseso ng survey
D. Pabibilisin ang resulta ng survey.

16. Kung nag sagawa ka ng survey sa lugar na malapit sa dagat, ano kayang mga materyales ang gagamitin ng mga mag-aaral dito sa pagbuo ng proyekto?
A. Gawa sa kahoy. c. Gawa sa metal
B. Gawa sa kawayan d. Gawa sa kabibe

17. Naatasan kang magsagawa ng survey tungkol sa sining ng paggawa na pinagkakakitaan sa Alaminos City, Pangasinan kung saan naroon ang Hundred Islands. Ano kaya ang karaniwang produkto ang ginagawa doon?
a. patalim b. mga palamuting gawa sa kabibe c. mga taka d. mga estatwang gawa sa kahoy

18. Kung nag sagawa ka ng survey sa lugar na nasa bulubundukin, ano kayang mga materyales ang gagamitin ng mga mag-aaral dito sa pagbuo ng proyekto?
A. Gawa sa kahoy. C. Gawa sa metal
B. Gawa sa elektrikal D. Gawa sa kabibe

19. Nakita mong hindi gaanong mataas ang nakuhang marka ng iyong kaibigan sa pagsunod sa panuntunang pangkaligtasan. Anong mungkahi ang maari mong ibigay sa kanya?
A. Maging mainangat sa pagsasagawa ng proyekto
B. Magdala ng kupletong kagamitan
C. Mas pagandahin pa ang proyekto
D. Magsumite sa tamang oras

20. Tukuyin ang gawain na kabilang sa panghuling ayos?
A. Pagsusukat B. Pagpuputol C. Pagbubuo D. pagpapakinis

21. Nakita mong mababa ang marka mo sa kagamitan. Ano ang dapat mong gawin?
A. Maging maingat sa pagsasagawa ng proyekto
B. Magdala ng kumpletong kagamitan
C. Mas pagandahin pa ang proyekto
D. Magsumite sa tamang oras

22. Natapos mo nang buuin ang proyekto kaya ipinasuri mo ito sa iyong kamag-aaral. Mungkahi niya na pakinisin mo ang bawat likod na bahagi ng iyong picture frame. Alin ang mainam mong gamitin?
A. Papel de liha B. Katam C. Paet D. Kikil

23. Upang mas maging kaaya aya ang napakinis mong proyekto, ano ang dapat mong gawin?
A. Ipagpatuloy ang pagpapakinis ng proyekto.
B. Dagdagan ng detalye ang bawat bahagi
C. Lagyan ng barnis

D. Lahat ng nabanggit

24. Tukuyin ang gawain na kabilang sa panghuling ayos?
A. Pagsusukat B. Pagpuputol C. Pagbubuo D. Pagpapakinis

25. Aling sitwasyon ang nagpapakita ng wastong pagpipintura/pagbabarnis.
A. Ang direksyon ng brush ay pataas, pababa, at pakaliwa,pakanan
B. Ang direksyon ng brush ay pataas, pakaliwa, pababa at pakanan
C. Ang direksyon ng brush ay pataas at pababa lamang.
D. Kahit anong paraan ay maaring gamitin.

26. Kung nais mong ipagbili ang iyong nagawang proyekto, maaari kang gumamit ng productivity tools. Sa paanong paraan makakatulong sa iyo ang ibat ibang productivity tools?
A. Makatutulong ito sa pagpapakalat ng impormasyon tungkol sa iyong produkto.
B. Makatutulong ito sa pagpepresyo ng iyong produkto.
C. Tataas ang presyo ng proyekto mo.
D. Gaganda ang kalidad ng proyekto mo..

27. Para sa mas magandang presentasyon ng produktong iyong nais ipagbili, ano ang dapat mo munang gawin?
A. Dalhin ang proyekto sa lugar na maraming tao.
B. Igawa ng maayos na pakete ang iyong proyekto.
C. Babaan ang presyo ng iyong proyekto.
D. Taasan ang presyo ng proyekto

28. Matapos mong maipagbenta ang lahat ng iyong nagawang proyekto, hinayaan ka ng iyong guro na pamahalaan ang sarili mong kita. Ano ang mainam mong gawin?
A. Gamitin bilang puhunan sa bagong pagkakakitaan
B. Ibili ng bagong damit ang napagbentahan.
C. Ibigay sa nanay upang ibili ng laruan
D. Itago sa loob ng silid aralan

29. Paano isinasagawa ang wastong pagpapalit ng pundidong bombilya o ilaw?

A. Kalasin ang bombilya
B. Ibaba ang main switch
C. Ilagay ang bagong bombilya
D. Subukang buhayin ang bombilya

A. ABCD C. DCBA
B. BACD D. BCAD

30. Paano mo kukumpunihin ang umuugang lamesa sa inyong bahay?
a. Gamit ang martilyo, pupukpukin ko ang pako sa bawat hugpungan.
b. Gamit ang disturnilyador, hihigpitan ko ang luwag na turnilyo.
c. Gamit ang plais, iipitin ko ang pako upang humigpit muli.
d. Gamit ang lagare, puputulin ko ang paa ng lamesa.

31. Paano mo masasabing nasa maayos na kundisyon ang ginawa mong extension chord?
A. Lahat ng bahagi ay kumpleto, mahigpit ang pagkakaturnilyo, wasto ang pagkakalagay ng wire sa plug at walang nakalabas na wire.
B. Lahat ng bahagi ay kumpleto, mahigpit ang pagkakaturnilyo, wasto ang pagkakalagay ng wire sa plug at outlet at walang nakalabas na wire.
C. Lahat ng bahagi ay di-kumpleto, mahigpit ang pagkakaturnilyo, wasto ang pagkakalagay ng wire sa plug at outlet at walang nakalabas na wire.
D. Lahat ng bahagi ay kumpleto, mahigpit ang pagkakaturnilyo, wasto ang pagkakalagay ng wire sa plug at outlet at walang nakalabas na wire.

32. Kailangan mong maglagare ng manipis na kahoy na may hugis puso. Aling kagamitan ang kakailanganin mo?
A. Cross cut saw B. Hack saw C. Coping saw D. Ripsaw

33. Paano isinasagawa ang wastong pagpapalit ng sirang kasangkapan?

a. Kalasin ang sirang bahagi ng kasangkapan
b. Suriin ang sirang kasangkapan
c.Palitan ng bagong bahagi an gang sirang parte ng kasangkapan
d. Subukang gamitin ang kasangkapan

A. ABCD B. BACD C. BACD D. BCAD

34. Nagtungo si Lito sa silid ng kagamitan, kinuha niya ang coping saw, cross cut saw at lagareng pambakal. Anong uri ng kagamitan ang kinuha ni Lito?
A. Pamukpok B. Panukat C. Pamutol D. Pangmarka

35. Humiram si Myra ng martilyo, at malyete sa guro. Anong uri ng kagamitan ang kinuha ni Myra?
A. Pamukpok B. Panukat C. Pamutol D. Pangmarka

36. Walang trabaho si Aling Edna kaya naisipan niyang magtatag ng Furniture Shop. Tuwing hapon ay lagi siyang nakapagtatabi ng konting pera bilang ipon. Ano ang kahalagahan ng kaalaman at kasanayan ng Sining Pang-industriya kay Aling Edna?
A. Nagiging dagdag kita C. Nagsisilbing hanapbuhay
B. Nagiging libangan D. Nagiging dagdag na Gawain

37. Retiradong guro si Mam. Elen, upang hindi mainip ay nagtayo siya ng maliit na electronic repar shop sa kanilang pamayanan. Anong kahalagahan ang naidudulot nito kay Mam. Elen?
A. Nagiging dagdag kita C. Nagsisilbing hanapbuhay
B. Nagiging libangan D. Nagiging dagdag na Gawain

38. Isang security guard sa ating paaralan si Mang Ador. Medyo may kaliitan lamang ang kanyang sahod kaya naisipan niyang magkumpuni ng sirang electric fan. Anong kahalagahan ang naidudulot nito kanya?
A. Nagiging dagdag kita C. Nagsisilbing hanapbuhay
B. Nagiging libangan D. Nagiging dagdag na Gawain

39. Malaki ang maitutulong sa mag-aanak na may kaalaman sa gawaing kawayan sa kanilang_________.
a. pangungutang c. pag-iisip
b. pag-unlad d. pag-aaliw

40. Ano _______ ay karaniwang tumutubo sa lahat ng pook ng Pilipinas.
a. metal c. kawayan
b. kawad d. kahoy

41. Ang kawayan ay maaari ring magamit sa paggawa ng bahay, muwebles, at _________.
a. Palamuti sa bahay c. bakya
b. sandok d. gadgaran

II.

Magtala ng apat na produktong maaari mong magawa batay sa mga materyales na makikita mo sa loob ng kahon. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

| |
|---|
| Empty Plastic Container(Wilkins 6L)<br>Piraso ng mga patpat, outlet<br>Kwadradong lata ng Mantika, plug, Empty 1.5L Bottle of Coke<br>Retaso ng plywood, Wire |

42 ______________
43 ______________
44. _____________

A. Gamitin ang pormula sa pagkukuwenta ng tubo ng mga sumusunod na proyekto.

| **Aytem** | **Puhunan** | **kinita** | **Tubo** |
|---|---|---|---|
| Napkin Holder | Php 55.25 | Php 56.80 | **45.** |
| Pamaypay | Php 16.00 | Php 18.90 | **46** |
| Dust pan | Php 45.00 | Php 51.75 | **47** |
| Papel na basket | Php 56.00 | Php 64.40 | **48.** |
| Pencil Holder | Php 38.75 | Php 44.60 | **49.** |
| **Kabuuang Tubo** | | | **50.** |

**4TH PERIODICAL TEST IN EPP-SINING PANG-INDUSTRIYA 5**

Table of Specifications in Fourth Quarter Examination

| COMPETENCIES | | | | |
|---|---|---|---|---|
| 1.1 natatalakay ang mga mahalagang kaalaman at kasanayan sa gawaing kahoy, metal, kawayan at iba pang lokal na materyalessa pamayanan | 5 | 10 | 20 | |
| 2.1 nakagagawa ng mga malikhaing proyekto na gawa sa kahoy, metal, kawayan at iba pang materyales na makikita sa kumunidad<br>2.1.1 natutukoy ang mga uri ng kagamitan at kasangkapan sa gawaing kahoy, metal, kawayan, at iba pa<br>2.1.2 natatalakay ang mga uri ng kagamitan at kasangkapan sa gawaing kahoy, metal, kawayan at iba pa<br>2.1.3 nasusunod ang mga panuntunang pagkalusugan at pangkaligtasan sa paggawa | 5 | 10 | 20 | |
| nakagagawa ng proyekto na ginagamitan ng elektrisidad<br>3.1.1 natatalakay ang mga kaalaman at kasanayan sa gawaing elektrisidad<br>3.1.2 natutukoy ang mga materyales at kagamitan na ginagamit sa gawaing elektrisidad<br>3.1.3 nagagamit ang kasangkapan at kagamitan sa gawaing elektrisidad | 5 | 10 | 20 | |
| nakapagtatala ng iba pang disenyo at materyales na maaring magamit o pagsama-samahin upang makagawa ng malikhaing produkto batay sa nakalap na datos | 5 | 10 | 20 | |
| nasusuri ang ginawang produkto at naisasaayos ito batay sa sarili at mungkahi ng iba gamit ang rubrics<br>5.1.1 nalalapatan ng angkop na panghuling ayos(finishing) ang nabuong produkto<br>5.1.2 natutukoy ang iba ibang paraan ngpanghuling ayos (pagliha, pagpintura, at pagbarnis)<br>5.1.3 nasusundan ang wastong paraan ng pagliliha, pagpipinta | 5 | 10 | 20 | |
| TOTAL | 25 | 50 | 100 | |